

	May Bisa Hanggang:	Disyembre 2026	Pahina 1 ng 6
	Huling Petsa ng Pagbabago:	Disyembre 2024	
Mga Departamentong Apektado: Lahat ng Departamento		Tauhan: Lahat ng Tauhan:	
Pangalan ng Patakaran: Patakaran sa Paniningil ng Utang			

I. **PAHAYAG NG PATAKARAN**

Ang layunin ng Patakaran ay sumunod at magbigay ng impormasyon kaugnay ng pagsingil at paniningil ng utang ng pasyente, alinsunod sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California at sa Pederal na Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga. Sa layuning mapanatili ang katatagan ng pananalapi at maipon ang mga pondo para sa pagtulong sa mga mahihirap, titiyakin ng Lucile Salter Packard Children's Hospital sa Stanford (LPCH) na ang mga utang ng mga Guarantor para sa mga serbisyong medikal na ibinigay ng LPCH ay makokolekta nang nasa tamang oras at alinsunod sa batas.

II. **MGA KAHULUGAN**

A. Di-pangkaraniwang Hakbang sa Paniningil (Extraordinary Collection Action, ECA):
Ang bawat sumusunod ay mga ECA:

1. Paglalagay ng lien sa pag-aari ng isang indibidwal
2. Pagreremata ng lupa (real property)
3. Paglilipat o pagsamsam ng bank account o iba pang personal na pag-aari ng isang indibidwal
4. Pagsisimula ng sibil na pagkilos laban sa isang indibidwal o pagkuha ng writ of attachment
5. Pagdudulot ng pag-aresto sa isang indibidwal
6. Pagkakaltas sa sahod batay sa utos ng hukuman
7. Pag-uulat ng hindi magandang impormasyon sa isang consumer credit agency o credit bureau
8. Pag-aantala o hindi pagbibigay ng Medikal na Kinakailangang pangangalaga dahil sa hindi pagbabayad ng pagsingil para sa pangangalagang dating ibinigay sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong at Pangkawanggawang Pangangalaga ng LPCH
9. Pangangailangan ng pagbabayad bago magbigay ng Medikal na Kinakailangang pangangalaga dahil sa mga hindi pa nababayarang pagsingil para sa nakaraang pangangalaga
10. Pagbebenta ng utang sa isang third party

B. Pinansyal na Tulong

1. Ang Pinansyal na Tulong ay tumutukoy sa tulong na ibinibigay sa mga kwalipikado sa pinansyal na mga (i) Pasyenteng Walang Insurance at (ii) Pasyenteng may Mataas na Gastos sa Medikal.

	May Bisa Hanggang:	Disyembre 2026	Pahina 2 ng 6
	Huling Petsa ng Pagbabago:	Disyembre 2024	
Mga Departamentong Apektado: Lahat ng Departamento		Tauhan: Lahat ng Tauhan:	
Pangalan ng Patakaran: Patakaran sa Paniningil ng Utang			

C. Guarantor

1. Isang tao na may legal na pananagutan sa pinansyal para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng isang pasyente.

III. PROSESO

- A. Maniningil ang LPCH ng bayad para sa mga utang para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugang ibinigay ng LPCH, alinsunod sa patakaran at mga pamamaraan ng LPCH tulad ng buod ng patakarang ito. Ang pamamaraan para sa pagtatalaga sa mga koleksyon/utang na hindi masingil ay malalapad sa lahat ng mga Garantor ng LPCH.
- B. Susunod ang LPCH sa mga nauugnay na pederal at pang-estadong batas at regulasyon sa pagtatalaga ng utang na hindi masingil.
- C. Lahat ng balanse sa account ng pasyente na tumutugon sa mga sumusunod na pamantayan ay karapat-dapat para ilipat sa isang ahensya ng paniningil (sa kondisyon na hindi kailanman “ibebenta” ng LPCH ang utang ng pasyente sa isang ahensya ng paniningil):
 1. Sinubukan ng LPCH na maningil ng bayad gamit ang mga makatuwirang pagsisikap sa paniningil. Susubukan ng LPCH na magpadala sa koreo ng apat (4) na pahayag ng Guarantor pagkatapos ng petsa ng paglabas mula sa outpatient o inpatient na pangangalaga, na may huling 10-araw na abiso na lalabas sa ikaapat na pahayag ng Guarantor, na nagsasaad na ang account ay maaaring ilagay sa isang ahensya ng paniningil. Lahat ng pahayag ng pagbabayad ay may kasamang paalala tungkol sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng LPCH.
 2. Ang mga account na may status na “Returned Mail” ay karapat-dapat para sa pagtatalaga ng mga paniningil kapag naidokumento at naisagawa na ang lahat ng magandang loob na pagsisikap.
 3. Kung may ibang mga account ang pasyente na bukas o hindi pa nalulutas na mga balanse ng utang na hindi masingil, may karapatan ang LPCH na ipadala ang mga account sa pangongolekta nang mas maaga. Kung matutukoy ng LPCH na ang indibidwal ay karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong, agad nitong ibabalik ang anumang sobrang bayad.
 4. Sususpindihin ng LPCH ang anuman at lahat ng pagkilos sa paniningil kung may matatanggap na Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong, kabilang ang lahat ng kinakailangan at pansuportang dokumentasyon.
- D. Ipapasa ng LPCH ang mga account sa isang third party na tagapagbigay serbisyo sa pangongolekta ng utang gamit ang proseso na inaprubahan ng Pangalawang Pangulo ng mga Operasyon sa Kita (Revenue Operations).

	May Bisa Hanggang:	Disyembre 2026	Pahina 3 ng 6
	Huling Petsa ng Pagbabago:	Disyembre 2024	
Mga Departamentong Apektado: Lahat ng Departamento		Tauhan: Lahat ng Tauhan:	
Pangalan ng Patakaran: Patakaran sa Paniningil ng Utang			

- E. Bago magsimula ng mga hakbang sa paniningil laban sa isang pasyente, kailangang magbigay sa pasyente o sa Guarantor ang LPCH o anumang ahensya ng paniningil ng mga sumusunod na nakasulat na abiso:
1. Inaatasan ng batas ng estado at pederal ang mga maniningil ng utang na tratuhin ka nang patas at pagbawalan ang mga maniningil ng utang sa paggawa ng mga maling pahayag o pagbabanta ng karahasan, paggamit ng malaswa o bastos na pananalita, at paggawa ng mga hindi wastong komunikasyon sa mga third party, kabilang ang iyong employer. Maliban sa mga hindi pangkaraniwang pangyayari, maaaring hindi makipag-ugnayan sa iyo ang mga nangongolekta ng utang bago sumapit ang 8:00 a.m. o pagkatapos ng 9:00 p.m. Sa pangkalahatan, ang isang maniningil ng utang ay hindi maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong utang sa ibang tao, maliban sa iyong abogado o asawa. Maaaring makipag-ugnayan ang isang maniningil ng utang sa ibang tao para kumpirmahin ang iyong lokasyon o para ipatupad ang isang paghatol. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga gawain sa pangongolekta ng utang, maaari mong kontakin ang Federal Trade Commission sa telepono sa 1-877-FTC-HELP (382-4357) o online sa www.ftc.gov. Maaaring available sa iyong lugar ang mga serbisyo sa pagpapayo sa utang na hindi kumikita.
 2. Ang may hawak ng kontratang ito ng utang medikal ay ipinagbabawal ng Seksyon 1785.27 ng Kodigo Sibil na magbigay ng anumang impormasyon kaugnay ng utang na ito sa isang consumer credit reporting agency. Bilang karagdagan sa anumang ibang parusa na pinapayagan ng batas, kung ang isang tao ay sadyang nilalabag ang seksyong ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon tungkol sa utang na ito sa isang consumer credit reporting agency, mapapawalang-bisa ang utang at hindi ito maipapatupad.
- F. Tuntunin ng Mga Plano sa Pagbabayad. Magkakaroon ng pagkakataon ang mga pasyente na makipagkasunduan sa isang plano sa pagbabayad na walang interes na magbibigay-daan sa pasyente na mabayaran ang kanilang balanse sa loob ng ilang panahon. Kung hindi magkasundo ang LPCH at ang Pasyente sa mga tuntunin ng plano sa pagbabayad, ang default na plano sa pagbabayad ay magiging buwanang hulog na hindi hihigit sa 10 porsyento ng buwanang kita ng pamilya ng pasyente, hindi kasama ang mga kalitas para sa mga pangunahing gastusin sa pamumuhay. Ang "Pangunahing gastusin sa pamumuhay" ay nangangahulugang, para sa layunin ng bahaging ito, mga gastusin para sa alinman sa mga sumusunod: upa o bayad at pagpapanatili sa bahay, pagkain at mga gamit sa bahay, kuryente at telepono, damit, bayad sa medikal at dental, insurance, pag-aaral ng bata o pangangalaga sa bata, suporta para sa anak o asawa, gastusin para sa transportasyon at sasakyan, kabilang ang insurance, gasolina, at mga pagkumpuni, mga pagbabayad ng hulugan, labada at paglilinis, at iba pang di-pangkaraniwang gastusin. Maaaring ideklara na hindi na epektibo ang pinalawig na plano sa pagbabayad pagkatapos ng kabiguan ng Pasyente o Guarantor na magbayad ng sunud-sunod na mga bayad sa loob ng 90-

	May Bisa Hanggang:	Disyembre 2026	Pahina 4 ng 6
	Huling Petsa ng Pagbabago:	Disyembre 2024	
Mga Departamentong Apektado: Lahat ng Departamento		Tauhan: Lahat ng Tauhan:	
Pangalan ng Patakaran: Patakaran sa Paniningil ng Utang			

araw na panahon simula sa unang araw na hindi nakabayad ang Pasyente. Bago ideklara ng LPCH na hindi na epektibo ang pinalawig na plano sa pagbabayad ng ospital, kailangan munang magsagawa ng makatarungang pagsubok na makipag-ugnayan sa Pasyente o Guarantor sa telepono at magbigay ng nakasulat na paalala hindi bababa sa animnapung (60) araw ng kalendaryo matapos ang unang hindi nabayarang hulog na ang pinalawig na plano sa pagbabayad ay maaaring hindi na maging epektibo, pati na rin ang pagkakataon na muling makipagkasunduan ukol dito. Bago ideklara na hindi na epektibo ang pinalawig na plano sa pagbabayad ng ospital, susubukan ng LPCH na muling makipagkasunduan sa mga termino ng default na pinalawig na plano sa pagbabayad, kung hihilingin ito ng Pasyente o Guarantor. Bibigyan ang Pasyente ng hindi bababa sa tatlong (30) araw ng kalendaryo, simula sa petsa ng pagpapadala ng nakasulat na paalala tungkol sa hindi nabayarang bayarin, para makapagbayad bago ideklara na hindi na epektibo ang pinalawig na plano sa pagbabayad. Para sa layuning ito, ang paalala at tawag sa telepono sa Pasyente o Guarantor ay maaaring gawin sa kanilang huling alam na numero ng telepono at address. Kung ideklara na hindi na epektibo ang plano sa pagbabayad, at ang Pasyente ay kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong, ang Ospital o ahensya ng paniningil ay lilimitahan ang halagang hihilingin mula sa Pasyente sa halagang siya lamang ang may pananagutan na bayaran pagkatapos ng anumang diskwento.

- G. Kung hindi sasang-ayon ang Guarantor sa balanse sa account, maaaring hilingin ng Guarantor na saliksikin at patunayan ang balanse sa account bago italaga ang account sa isang ahensya ng paniningil.
- H. Ang mga account na nasa ahensya ng paniningil ay maaaring bawiin at ibalik sa LPCH sa sariling pagpapasya ng LPCH at/o alinsunod sa mga pang-estado o pederal na batas at regulasyon. Maaaring piliin ng LPCH na ayusin ang mga account kasama ang Guarantor o third party kung kinakailangan, o ilipat ang mga account sa ibang collection agency.
- I. **Hindi nagsasagawa ang LPCH ng anumang di-pangkaraniwang hakbang (ECA) gaya ng inilalarawan sa itaas.**
- J. Ang dokumentasyon ng kita na nakuha mula sa pasyente o Guarantor sa proseso ng pagtukoy ng kanilang kwalipikasyon para sa Pinansyal na Tulong ay hindi gagamitin sa mga gawain ng pangongolekta; gayunpaman, hindi nito ipinagbabawal ang paggamit ng impormasyon na nakuha ng LPCH o alinman sa mga ahente nito o ahensya ng paniningil na hindi kaugnay sa proseso ng kwalipikasyon para sa Pinansyal na Tulong.
- K. Pagsunod
 1. Ang lahat ng miyembro ng manggagawa kabilang ang mga empleyado, nakakontratang kawani, mag-aaral, boluntaryo, may kredensyal na medikal na kawani, at mga indibidwal na kumakatawan o nakikibahagi sa pagsasanay sa LPCH ay may pananagutan sa pagtiyak na ang mga indibidwal ay sumusunod sa Patakarang ito.

	May Bisa Hanggang:	Disyembre 2026	Pahina 5 ng 6
	Huling Petsa ng Pagbabago:	Disyembre 2024	
Mga Departamentong Apektado: Lahat ng Departamento		Tauhan: Lahat ng Tauhan:	
Pangalan ng Patakaran: Patakaran sa Paniningil ng Utang			

2. Ang mga paglabag sa Patakarang ito ay iuulat sa Tagapamahala ng Departamento at sa anupamang naaangkop na Departamento ayon sa tutukuyin ng Tagapamahala ng Departamento, o alinsunod sa patakaran ng ospital. Sisiyasatin ang mga paglabag upang matukoy ang uri, hangganan, at potensyal na panganib ng mga ito sa ospital. Ang mga miyembro ng manggagawa na lalabag sa Patakarang ito ay papatawan ng naaangkop na parusa na hanggang sa, at kabilang ang pagkakatanggal sa trabaho.

- IV. PAGPAPANATILI NG MGA REKORD NG KOLEKSYON:** Pananatilihin ng LPCH ang lahat ng rekord na may kinalaman sa perang utang ng Pasyente o ng guarantor ng Pasyente sa LPCH sa loob ng limang (5) taon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod na
- A. Mga dokumento na may kinalaman sa mga kasong isinampa ng LPCH
 - B. Mga kontrata at mahahalagang rekord kung saan itinalaga o ibinenta ng LPCH ang utang medikal sa isang third party.
 - C. Isang listahan, na ina-update hindi bababa sa isang beses bawat taon, ng bawat tao, kabilang ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan, na tumutugon sa kahit isa sa mga sumusunod na pamantayan:
 1. Isa siyang maniningil ng utang kung kanino ibinenta o itinalaga ng Ospital ang utang na hindi nabayaran ng Pasyente sa LPCH; at
 2. Pinanatili siya ng LPCH para magsagawa ng paglilitis para sa mga utang na hindi nabayaran ng mga Pasyente.

V. IMPORMASYON NG DOKUMENTO

- A. Mga Sanggunian
- B. May-Akda/Orihinal na Petsa
Enero 2007, S. DiBoise, Chief Hospital Counsel at E. Leigh, Office of General Counsel
- C. Mga Kinakailangan sa Pamamahagi at Pagsasanay
Ang patakarang ito ay nasa Manual sa Pangangalaga ng Pasyente ng Lucile Packard Children's Hospital Stanford.
- D. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Pagre-renew
Ang patakarang ito ay rerepasuhin at/o rerebisahin bawat tatlong taon o ayon sa kinakailangan ng pagbabago ng batas o pamamaraan.
- E. Kasaysayan ng Pagsusuri at Pagbabago
Pebrero 2011, S.Shah, Clinical Accreditation Mgr
Abril 2014 M.Montes, Patient Advocacy Mgr
Disyembre 2014, Andrea M. Fish, Office of General Counsel

	May Bisa Hanggang:	Disyembre 2026	Pahina 6 ng 6
	Huling Petsa ng Pagbabago:	Disyembre 2024	
Mga Departamentong Apektado: Lahat ng Departamento		Tauhan: Lahat ng Tauhan:	
Pangalan ng Patakaran: Patakaran sa Paniningil ng Utang			

Marso 2015, Andrea M. Fish, Office of General Counsel

Oktubre 2019, Andrea M. Fish, Office of General Counsel

Disyembre 2024, John Barnes, Office of General Counsel

F. Mga Pag-apruba

LPCH VP Ops, 4/07, 2/11

PFS Rev Cycle Dir/PFS VP Ops, 4/14

LPCH Finance Committee, 4/15, 11/19 LPCH

Board of Directors, 9/21

Board of Directors, 12/2024

Ang dokumentong ito ay inilaan para sa paggamit ng mga kawani ng Lucile Salter Packard Children's Hospital sa Stanford.

Walang representasyon o garantiya na ginagawa para gamitin sa labas ng institusyon.
Hindi ito maaaring gawan ng kopya o ilathala sa labas ng institusyon nang walang pahintulot.